ILALABAS KAAGAD                                    Agosto 2, 2021

# Hinimok ng Mga Opisyal sa Kalusugan ng Bay Area ang Agarang Pagbabakuna at Nagbigay ng Mga Utos na Nag-aatas ng Paggamit ng Mga Panakip sa Mukha kapag nasa Loob (Indoors) para Mapigilan ang Pagkalat ng COVID-19

*Ipapatupad sa Martes ang Mga Utos ng Pagsusuot ng Mask kapag nasa Loob sa Mga County ng Alameda, Contra Costa, Marin, San Francisco, San Mateo, Santa Clara, Sonoma, at ang Lungsod ng Berkeley*

ALAMEDA COUNTY, CA – Patuloy na nagbibigay ng proteksyon ang pagbabakuna laban sa malubhang sakit na COVID-19, pero dahil sa COVID-19 Delta variant na nakakahawa ngayon sa maliit na porsiyento ng mga nabakunahang tao pati rin sa maraming hindi nabakunahang tao, walong opisyal sa kalusugan ng Bay Area ang naglabas ng Mga Utos sa Kalusugan na nag-aatas ng pagsusuot ng mga mask kapag nasa loob sa mga pampublikong lugar. Inaatas ng Mga Utos na ang lahat ng tao, anuman ang katayuan sa pagpapabakuna ay magsuot ng mga panakip sa mukha kapag nasa loob sa mga pampublikong lugar, na may mga limitadong eksepsyon, simula 12:01 a.m. sa Martes, ika-3 ng Agosto.

Nananatiling pinakamalakas na kasangkapan ang mga bakuna sa paglaban sa COVID-19, kabilang ang Delta variant. Gayunman, nahahawaan ng Delta variant ang maliit na porsiyento ng nabakunahan sa Bay Area — na nananatili pa ring lubos na protektado laban sa malubhang sakit, pagkakaospital, at pagkamatay. Sa mga nabakunahang tao na nahawaan nito, pinipigilan ng panakip sa mukha ang higit pang pagkalat. Hinihimok ng mga opisyal sa kalusugan ng Bay Area ang lahat ng hindi nabakunahang residente na edad 12 taong gulang at mas matanda na magpabakuna sa lalong madaling panahon.

“Ang mga panakip sa mukha ay simple at mabisang kasangkapan na magagamit ng lahat para mapabagal ang pagkalat ng COVID-19,” ang sabi ni Dr. Nicholas Moss, Opisyal sa Kalusugan ng Alameda County. “Ang paggamit ng mga face mask kapag nasa loob sa mga pampublikong lugar, anuman ang katayuan sa pagpapabakuna ay matutulungan tayong maprotektahan ang isa't isa at matapos ang biglaang pagdami ng nagkakasakit sa virus (surge) ngayong tag-init.”

Layunin ng Mga Utos sa Kalusugan na ito na mabawasan ang transmisyon ng COVID-19 sa komunidad at para maprotektahan ang lahat. Lubhang nababahala ang mga opisyal sa kalusugan dahil sa mataas na mga antas ng transmisyon sa komunidad na makikita ngayon sa buong Bay Area, lalo na sa mga hindi nabakunahang tao. Sa isang bahagi ito ay dahil sa laganap na COVID-19 Delta variant, na higit na mas nakakahawa kaysa sa mga naunang anyo ng virus. Sinasabi rin ng mga kamakailang impormasyon mula sa Centers for Disease Control and Prevention (Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas ng Sakit) na kahit ang mga taong nakumpleto ang mga bakuna ay maaaring maikalat sa ibang tao ang Delta variant sa ilang pagkakataon, at kaya ang paggamit ng mga panakip sa mukha kapag nasa loob ay nagbibigay ng mahalagang dagdag na proteksyon.

Ang mga bagong Utos sa Kalusugan ay inaatas ang pagsusuot ng nakalapat nang mahigpit na mask kapag nasa loob sa pampublikong lugar. Kapag nasa loob, pampubliko o pribado man, ay mas mataas ang transmisyon ng COVID-19, lalo na kapag kasama mo ang mga taong hindi mo kasama sa bahay. Inirerekomenda rin ng mga opisyal sa kalusugan na dapat ay may available na mga panakip sa mukha ang lahat ng employer para sa mga taong papasok sa kanilang mga negosyo, at ang mga negosyo ay kinakailangang ipatupad ang utos na pagsusuot ng panakip sa mukha kapag nasa loob.

Ang Mga Utos sa Kalusugan ngayong araw ay alinsunod sa patnubay mula sa Centers for Disease Control and Prevention (Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas ng Sakit) at California Department of Public Health (Kagawaran ng Kalusugan ng Publiko ng California), na inirerekomendang magsuot ng mga mask ang mga taong nakumpleto ang bakuna habang nasa loob sa mga pampublikong lugar. Patuloy na susubaybayan ng Mga Opisyal sa Kalusugan ng Bay Area ang datos, kabilang ang tumataas na pagbabakuna sa buong rehiyon, para malaman kapag maaari nang i-adjust o alisin ang Mga Utos.

Inaatas ng Utos ng Alameda County na dapat isuot ng lahat ng residente, na may ilang hindi kasama, ang mga panakip sa mukha sa bibig at ilong kapag nasa loob sa mga pampublikong lugar, katulad ng mga hinihiling ng buong estado tungkol sa panakip sa mukha para sa mga residenteng hindi nabakunahan. Para sa higit pang detalye, tingnan dito ang Utos: https://covid-19.acgov.org/face-masks.

Ang mga bakuna para sa COVID-19 ay ligtas, mabisa, at LIBRE para sa lahat ng nasa edad na 12 taong gulang at mas matanda. Bisitahin ang https://covid-19.acgov.org/vaccines.page?#availability para malaman kung saan ka makakahanap ng lugar para sa pagbabakuna na malapit sa iyo o tumawag sa 510-208-4VAX (510-208-4829). Kung hindi ka nakapagpabakuna ng iyong pangalawang dosis, kailangan mo pa ring kumpletuhin ang serye ng iyong pagpapabakuna.

# # #

**Contact sa Media:**
Neetu Balram, Tagapamahala ng Pampublikong Impormasyon
Kagawaran ng Kalusugan ng Publiko ng Alameda County
eoc-pio@acgov.org